Pagtatasa ng Unang Taon ni PNoy

Kalagayan ng karapatang pantao at karapatang pangmanggagawa

Center for Trade Union and Human Rights

Hulyo 2011

Pagtatasa ng Unang Taon ni Aquino
Kalagayan ng karapatang pantao at
karapatang pang-manggagawa

Nilalaman

3 Patuloy ang gutom sa kalakhan ng mamamayan, higit na yaman sa iilan

5 Mataas na tantos ng disempleyo at-mababang kalidad ng trabaho

9 Barat na sahod sa gitna ng sumisirit na presyo ng mga bilihin

10 Mas matinding pangangalakal sa manggagawang migrante

13 Sadlak ang kabuhayan ng kababaihang manggagawa

15 Legalisasyon ng mas malawak pang pleksibilisasyon at mapanlitong iskema sa relasyon sa paggawa

18 Hindi naglulubay ang pananalasa sa kilusang union at karapatang pantao ng mga manggagawa

22 Mas malakas ang loob ng kapitalistang tahasang labagin ang karapatan ng manggagawa

29 Hindi Ligtas na Pagawaan, Patuloy na Umiiral sa Ilalim ni PNoy

31 Sunud-sunod at walang habas ang demolisyon sa ilalim ni PNoy

37 Nagpatuloy sa pakikibaka ang mamamayan

38 Tuwid ba o baluktot ang daang tinahak ni Aquino? Ano ang dapat gawin ng mamamayan?

Isang taon na matapos magbunyi ang mamamayan sa pagwawakas ng 10 taong administrasyong Arroyo. Itinakwil ng boto ng mamamayan ang rehimeng umiral sa pandaraya, korapsyon, paglabag sa karapatang pantao at pagiging sagad-sagaring kontra-mamamayan. Ika-30 Hunyo 2011, naupo at nanumpa si Benigno Aquino III (PNoy) bilang pangulo at umasa ang lahat sa pagbabago.

"Tuwid na daan," at pagwasak sa tiwaling pamumuno at sa kahirapang matagal nang bumabayo sa mayorya ng mamamayang Pilipino ang mga pangako ni PNoy. *"Tayong mga Pilipino ay pwede nang mangarap muli"",* ang sabi pa niya. Pinaasa niya ang bawat mamamayan sa repormang magpapabuti umano sa kalagayan ng marami. Ipinamarali nito ang *22 Point Labor and Employment Agenda* para sa manggagawa upang mapahusay umano sa relasyong paggawa, sa paghahanap ng trabaho at maiangat ang partisipasyon ng manggagawa sa pagbabalangkas ng mga polisiya at programa.

Ngunit matapos ang isang taon, ano nga ba ang kalagayan ni Juan de la Cruz?

Patuloy ang gutom sa kalakhan ng mamamayan, higit na yaman sa iilan

Ibinandila ng gobyernong Aquino, ang *public-private partnership* o PPP bilang pang-ekonomiyang estratehiya na siya umanong susi sa kaunlaran. Sa balangkas ng PPP, binibigyan ng malaking papel kundi man lubusang ipinauubaya ng gobyerno sa pribadong sektor at dayuhang kapital ang pagtitimon para palakihin ang ekonomiya.

Totoong nagrehistro ng 7.2 porsyentong paglaki ang ekonomiya sa pagtatapos ng 2010 at tinitignan ito bilang positibong resulta ng PPP. Kaya lang, hindi ito naramdaman ng ordinaryong manggagawa at mamamayan. Sa halip, nananatiling mababa ang kalidad ng kabuhayan ng marami: walang tiyak na hanapbuhay, mataas na insidente ng gutom at milyon-milyong nasa ilalim ng *poverty threshold*[1]. Sa kabila nito, iginigiit pa rin ng gobyernong Aquino sa inilabas na Philippine Development Plan (PDP) at Philippine Labor and Employment Plan 2011-2016 (PLEP), na nakasalalay sa pagdami ng *investment* sa bansa ang pagyabong ng ekonomiya. Ganunpaman, walang malinaw na direksyon at estratehiya ang gobyerno kung paano ito magaganap.

1 Ang poverty threshold ay batay sa minimum na kailangan ng isang pamilya para masuportahan ang kanyang batayang pangangailangan, pagkain, tirahan, damit etc.

Kaya hirap rin ang pamahalaang Aquino na isustina ang ampaw na paglaki ng ekonomiya sa unang taon ng kanyang panunungkulan. Sa unang kwarto ng 2011, bumagal na agad ang pag-unlad ng ekonomiya: mula sa 8.4 porsyento ng paglaki noong unang kwarto ng 2010, bumaba ang paglaki ng Gross Domestic Product (GDP)[2] sa 4.9 porsyento. Ibig sabihin, ang public-private partnerships (PPP) at conditional cash transfer (CCT) ay wala ring nagawa upang ibangon ang ekonomiya. Kung meron man, sinasabi ng mga ekonomista na ang CCT[3] ay maaaring dahilan upang pansamantalang maampat ang bilang ng nagugutom nitong Hunyo. Ngunit bigo pa rin itong pababain ang bilang ng tunay na naghihirap.

Kahit binago pa ng National Statistics and Coordination Board (NSCB) ang *poverty methodology,* nanatili ang nakakaaalarmang bilang ng mahihirap sa bansa. Dati-rati, maituturing na mahirap ang isang Pilipino kung mayroon siyang P52 kada araw. Sa bagong *poverty methodology*, ibinaba ito sa P46 kada araw. Ibig sabihin, kung ikaw ay may P46 sa iyong bulsa sa bawat araw, hindi ka na matatawag na mahirap. Hindi nakapagtataka kung gayon kung bakit bumaba ng 5.4 milyon ang bilang ng mahirap sa bansa: mula sa dating 28.5 milyon, ngayon ay 23.1 milyon na lamang.

Sa kabilang banda, patuloy naman ang pag-arangkada ng malalaking negosyo at negosyante sa pagkamal ng yaman. Ang kabuuang yaman ng pinakamayayaman na Pilipino, ayon sa huling Forbes Survey, ay tumaas sa US$22.8 bilyon, mas mataas ng 39 porsiyento mula sa $16.4 bilyon noong nakaraang taon. Ang halagang ito ay katumbas na ng yaman ng 49.3 milyong pinakamahihirap na Pilipino.



Samantala, ang tatlong dambuhalang kompanya ng langis o Big Three (Shell, Petron at Caltex) ay tumubo ng P141.7 B sa huling dekada. Ang halagang ito ay higit pang mataas sa kabuuang kita (income) ng 2.36 milyong pinakamahihirap na Pilipino na nagkakahalaga lamang ng P114.3 bilyon noong 2009.

2 Ang Gross Domestic Product o GDP ay ang kabuuang kita o produktong nalikha sa loob ng isang bansa sa isang takdang panahon

3 Ang conditional Cash Transfer o CCT ay meron daw benepisyarong 2 milyong pamilya (batay sa self-rated hunger) at nagbibigay ng P1,400 kada pamilya benepisyaryo.

Mataas na tantos ng disempleyo at mababang kalidad ng trabaho

Sa PLEP - ang ubod na programa sa paggawa ng pamahalaang Aquino - binibigyang diin ang higit na pleksibilisasyon ng paggawa alinsunod sa dikta ng labor market o globalisasyon. Alinsunod dito, pangunahing gagampanan ng gobyerno ang paghahanap o pagtukoy ng kailangang trabaho sa loob at labas ng bansa at paglikha sa pangunahin, ng *emergency employment*.

Higit pang hihikayatin ang pagpasok ng dayuhang namumuhunan sapagkat naniniwala ang admistrasyong Aquino na ang pagtaas ng GNP sa pamamagitan ng mas maraming *investment* sa bansa ay makapagbibigay ng dagdag na hanapbuhay. Inaasahan ng gobyernong Aquino na sa pag-akit ng marami pang investors, tataas ng 7 hanggang 8 porsyento ang GDP kada taon at kasunod nito ay ang paglikha ng dagdag na isang milyong trabaho kada taon.

Subalit sa unang taon ni PNoy makikitang bukod sa di sustinidong pag-unlad ng ekonomiya ay hindi rin bumuti ang kalagayan ng empleyo sa bansa. Sa huling survey ng Social Weather Station (SWS) nitong Marso, aabot sa 27.2 porsyento o 11.3 milyong Pilipino ang walang hanapbuhay. Mas mataas ito sa huling tala ng SWS na 23.5 porsyento o 9.9 milyon noong Nobyembre 2010.

Sa huling datos naman ng gobyerno nitong Hulyo, 7.2 porsyento o 2.9 milyong Pilipino pa rin ang walang hanapbuhay mula sa mahigit na 39 milyong pwersa ng paggawa. Mas mataas dito ang totoong walang hanapbuhay ayon sa Ibon Foundation (Ibon). Ayon sa huli, aabot sa 4.5 milyon ang walang trabao sa bansa. Ito ay dahil hindi na isinasama ng gobyerno sa bilang ng unemployed ang mga taong tumigil na sa paghahanap ng trabaho dahil sa iba't ibang kadalihanan. Subalit ang mas malaki pang tanong dito ay kung saan ibinibilang o inihahanay ng gobyerno ang mahigit na 22 milyong Pilipino na may edad na 15 taong gulang pataas ganoong hindi sila kasama sa pwersa ng paggawa.

Anim sa 10 manggagawa ay part-time

Mataas pa rin ang bilang ng may bulnerable at di-tiyak na hanapbuhay. Labing-isa lamang sa bawat 20 may trabaho (o 55 porsyento) ang sahurang manggagawa o *wage and salary workers*, samantala 29.6 porsyento ang *own account workers*, at 11.9 ang *unpaid family work-*

ers. Dagdag pa, anim sa bawat 10 may trabaho (59.6 porsyento) ang *part time workers* o nagtatrabaho ng mas mababa sa 40 oras kada linggo.

Higit na pagbubukas sa dayuhang puhunan: bigo sa pagbawas ng bilang ng walang trabaho

Suntok sa buwan ang umasa sa dayuhang puhunan para resolbahin ang malawak na kawalan ng trabaho. Ito na ang napatunayan sa isang dekada ng todong liberalisasyon sa ilalim ni Arroyo. Hindi nga ba't mula 2001 hanggang 2010 , walang ibang inatupag ang huli kundi manghikayat ng mamumuhunan sa bansa? Kasabay nito ay labis namang nakompromiso ang interes ng manggagawa at bayan sa pamamagitan ng paglako ang murang paggawa, todong paggasta sa imprastruktura, libreng buwis at marami pang insentib para sa mamumuhunan o lilipat sa mga Special Economic Zones (ecozones). Sa kabila nito, nanatiling mababa ang pagtaas ng GDP kada taon (4.7 porsyento ang average), at mas maliit naman ang pagdami ng empleyo na aabot lamang sa humigit-kumulang 700 000 trabaho (2.7 porsyento na pagtaas) kada taon.

Ganunpaman, tuloy ang pamahalaang Aquino sa pagpapaigting ng sarling bersyon nito ng liberalisasyon, ang PPP. Alinsunod dito, magdaragdag pa ng 96 economic zones sa kasalukuyan ng umiiral na 202 ecozones sa bansa. Kabilang dito ang *3 Agro-Industrial Economic Zone, 60 IT Parks/Centers, 26 Manufacturing Economic Zone,* at *7 Tourism Economic Zones* . Ngunit napatunayan na ring hindi garantiya ang pagdami ng mga ecozones sa pagdami ng hanapbuhay sa bansa. Mula 1990s hanggang sa 2010, lumobo ang bilang ng mga ecozones sa bansa mula 10 patungong mahigit 200. Nagpakasasa ang mga dayuhang kumpanya sa tuluy-tuloy na suplay ng pleksibleng manggagawa, mababang pasahod at *regionalized wage system*, at sistematikong pagsupil sa mga unyon at organisasyong pang-manggagawa. Sa kabila nito, mahigit 1 milyong manggagawa lamang ang kontribusyon ng mga enklabo sa empleyo samantalang kamal-kamal na tubo ang kinita ng mga dayuhang korporasyon.

Gobyerno: isang malaking manpower agency

Bukod sa pag-akit ng dayuhang puhunan, ang isa pang nakikitang remedyo ng pamahalaang Aquino sa problema ng disempleyo ay ang pagreporma sa *employment facilitation*. Ibig sabihin, ang pamahalaan ay nagmimistulang isang *manpower agency* na nagbebenta ng

lakas paggawa ng mamamayan nito sa loob at labas ng bansa sa halip na agresibong paunlarin ang mga pambansang industriya na makapagbibigay ng tiyak at segurong hanapbuhay. Kabilang sa mga programa ng *employment facilitation* ang mga *skills training* sa ilalim ng TESDA at pribadong *training centers* upang sanayin ang manggagawang Pilipino at iangkop ang kakayahan ng mga ito sa pangangailangan ng pamilihan.

Ipopokus ang pagsasanay sa mga *emerging at big winners* na industriya tulad ng *Business Process Outsourcing, Mining, Construction* atbp. Mag-oorganisa rin ng ibat-ibang *Job Fairs* ang gobyerno at kumpanya at maglalabas ng mga impormasyon hinggil sa mga kursong *'in-demand'* at hindi patok ayon sa lokal at pandaigdigang pamilihan. Kasabay nito, ididisenyo ang mga kurso at edukasyon sa dikta ng pamilihan - isang malaking pagtalikod sa makabuluhang layunin ng edukasyon na dapat ay nakatuon sa pagpapaunlad ng isang bansa at hindi sa pagtugon sa pababagong-bagong kapritso ng pamilihan.

Pagsasakamay ng pribadong sektor sa panlipunang serbisyo, panganib di lang sa mga kawani ng gobyerno

Sa balangkas ng PPP, itutuluy-tuloy ng pamahalaan ang plano nitong isapribado ang maraming ahensya ng gobyerno at mga pag-aari nitong korporasyon. Resulta nito ay ang pagmahal ng panlipunang serbisyo na dapat sana'y pinopondohan ng pamahalaan. Malalagay rin sa peligro ang hanapbuhay ng libo-libong kawani ng gobyerno.

Sa taong 2011, bagamat tumaas ang pambansang badyet mula P1.54 trilyon noong 2010 patungong P1.645 trilyon, kinaltasan pa rin nang malaki ang alokasyon ng social service sectors (Tignan ang Table 1).

Table 1 Pababang Badyet Para sa Serbisyo

Sektor	**Bahagdang bawas sa Badyet**
State Colleges and Universities	-26%
Agrikultura	-26%
Enerhiya	-65%
Transportasyon	-5%
Kalusugan	-3.5%

COURAGE

Samantala, pinaglaanan ng P21.7 B ang pagpapatupad ng PPP, ngunit hindi malinaw kung ano sa aktwal ang pagkakagastusan nito.

Ngunit malinaw na sa PPP ni PNoy, na tuluy-tuloy nang bibitiwan ng gobyerno ang kanyang responsibilidad sa pagtitiyak ng mga batayang serbisyo sa mamamayan. Malinaw rin na magdudulot ito ng higit pang pahirap at panganib sa mamamayan.

Mawawalan rin ng trabaho ang mga kawani ng gobyerno sa iba't-ibang ahensyang target ng pribatisasyon at *rasyonalisasyon.* Ayon sa *Department of Finance,* planong buwagin ang 14 na ahensya ng gobyerno upang gawing mas episyente at bawasan ang korapsyon. Pero kaakibat nito ay pag-alis ng hanapbuhay ng humigit-kumulang 23 000 kawani. (Tignan ang Table 2)

Nakapila rin sa mga bubuwagin at isasapribadong ahensya ang National Printing Office, PTV 4, mga kakabit na ahensya ng *Department of Agriculture* tulad ng *Quedan Credit Corporation, Agricultural Credit Policy Council, Philippine Crop Insurance Corporation, Livestock Development Corporation* at pagbebenta ng mga taniman at nursery ng *Bureau of Animal Industries and Bureau of Plant Industries.*

Nauna nang unti-unting isinapribado ang *National Food Authority* dahil sa pagkalugi nito kasabay ng layuning puksain ang malawakang korapsyon sa naturang ahensya. Ngunit sa pag-aaral ng Ibon, nagsimulang lumala ang pagkalugi at lumobo ang pagkakautang ng NFA (na umabot na sa mahigit P200 B noong 2009) nang isapribado ito at magbawas ng pondo dito ang gobyerno. Dahil dito, nalagay sa panganib ang seguridad sa pagkain ng mamamayan at kabuhayan ng halos 5000 kawani.

Table 2 Mga Ahensyang Bubuwagin

Ahensya	Tinatayang Bilang ng Empleyado
NAPOCOR	7,000
NFA	4,500
NIA	3,000
PPA	2,300
NHA	1,400
LRT	1,000+
PEZA	1,000+
MRT	612
LWUA	500
MWSS	100+(Corporate office)60+(R.O.)
NEA	400 (reorganized earlier)
NDC	16 (reorganized earlier)
PNR	80 (partially privatized)
HGC	100

COURAGE

Ipinagpapatuloy rin ng pamahalaang Aquino ang EO 366 na inila-

bas noong 2004 ng rehimeng Arroyo na layong irasyonalisa ang mga opisina ng gobyerno. Sa rasyonalisasyon, pinaliliit ang burukrasya at tinatanggal ang mga posisyong maituturing na 'redundant' upang gawing mas episyente ang mga opisina. Resulta nito, bumaba sa 1.31 milyon ang bilang ng mga kawani noong 2010 mula sa 1.48 milyon noong 2004. Ang iskemang ito, ayon sa Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE) ay nagpahirap sa maraming ordinaryong kawani dahil sa biglang pagkawala ng kanilang kabuhayan nang walang kasiguruhang may mapapasukan sa ibang ahensya. Dumami rin ang mga casual at contractual na empleyado ng gobyerno dahil sa rasyunalisasyon - patunay lamang na kahit sa mismong gobyerno ay hindi na nagagarantiya ang karapatan sa kasiguruhan sa trabaho ng mga manggagawa.

Barat na sahod sa gitna ng sumisirit na presyo ng mga bilihin

Sa loob ng isang taon, walang ibinigay na makabuluhang dagdag sahod ang administrasyong Aquino para sa mga manggagawa. Sa kabila ng malakas na panawagan para dito, nagkibit-balikat si PNoy sa panawagang legislated *P125 across-the-board wage increase nationwide.* Nagmatigas rin ang DOLE na hindi maaaring magbigay ng dagdag-sahod ng dalawang beses sa isang taon. Hindi raw ito pinapayagan ng batas (RA 6727). Matatandaang ang huling baryang ipinagkaloob ng administrasyong Arroyo sa manggagawa ay naibigay lamang sa pagsisimula ng panunungkulan ni Aquino.

Mistulang koro ang pahayag ng gobyerno at mga *employer* sa pambabarat sa sahod. Nang hindi na maampat ang sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis at batayang bilihin - kasabay ng malakas na panawagan para sa makabuluhang dagdag na sahod - napilitan magsalita ang *Employers' Confederation of the Philippines (*ECOP) na P13 na dagdag sa *basic wage* lamang ang kaya nitong ibigay. Pero mas masahol dito ang posisyon ng DOLE. Samantalang kinilala nito ang pagkakaroon ng *supervening* event (kagyat na batayan) para itaas ang sahod, tanging P22 dagdag sa COLA o cost of living allowance ang ibinigay nito sa mga nagtatrabaho sa NCR.

Sa sumisirit na presyo ng bilihin, napakaliit kundi man insulto sa mga manggagawa ang P22 . Sapat lang ito para sa dalawang pakete ng *instant noodles* at kulang pa para sa isang kilong bigas. Ang mini-

mum wage kasama ang dagdag COLA (P426) ay wala pa sa kalahati ng P988 na halaga ng pamumuhay sa araw-araw (*daily cost of living)* sa NCR. Hindi rin maidadagdag ang COLA sa *basic wage*, kaya't hindi ito kasama sa kwenta ng *overtime* at *night differential pay.*

Mas mababa pa ang inaprubang dagdag COLA ng RTWPB sa ibang rehiyon: +P14 sa Central Luzon (P330 min wage), +P15 Eastern Visayas (P253). Samatala, hindi kinilala ng RTWPB sa Central Visayas at Northern Mindanao na mayroong *supervening event* sa mga naturang rehiyon kung kaya't hindi nagbigay ng anumang umento hanggang matapos ang isang taong dedlayn mula nang huling pagtaas ng sahod.

Tulad ng pambabarat sa sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor, napakaliit rin ng ibinigay na umento ni PNoy sa mga kawani ng gobyerno. Para payapain ang kalooban ng kawani, maaga na lang ipinatupad ang ikatlong tranche ng SSL III noong Hunyo 1 na dapat sana Hulyo 1 pa ipatutupad. Naglalaman ito ng average na P1800 dagdag sahod sa bawat salary grade kada buwan. Ang halagang ito ay 30 porsyento lamang ng hinihinging Php 6000 *across the board* na dagdag sahod ng mga kawani ng gobyerno.



Kayang ibigay ang P125 dagdag-sahod kung gugustuhin

Ayon sa Ibon, makatuwiran at posible ang pagbibigay ng P125 na dagdag sahod. Sa kanilang pag-aaral, aabot lamang sa 15 porsyento ng tubo ng mga negosyo sa bansa ang mababawas kung ibibigay ito. Sa P895.2 bilyong pinagsamang tubo ng mga negosyanteng may 20 manggagawa pataas noong 2009, P135.6 bilyon lamang ang mababawas kung ibibigay ang P125 dagdag sahod sa lahat ng manggagawa sa buong Pilipinas. Ibig sabihin, aabot pa rin sa P759.6 bilyon ang matitirang tubo ng mga kapitalista at lalong hindi rin malulugi ang mga negosyante kung ibibigay ang makabuluhang dagdag sahod na hinihiling ng mga manggagawa.

Mas matinding pangangalakal sa manggagawang migrante

Tulad ng rehimeng Arroyo, walang-habas ring ikinakalakal ng administrasyong Aquino ang lakas paggawa ng mga Pilipino sa buong mundo sa pamamagitan ng *labor export policy*. Litaw ito sa

mismong *22-Point Labor and Employment Agenda* kung saan 10 sa 22 punto ay ukol sa papapabilis ng pagpapadala ng OFWs sa ibang bansa. Tinataya namang 4, 413 Pilipino kada araw ang nangingibang-bansa upang maghanapbuhay noong 2010 kumpara sa 3 500 noong 2009. Hindi nakapagtataka kung gayon ang paglobo sa 15 milyon ng mga Pilipinong nasa ibang bansa pagpasok ng 2011.

Bakit nga ba mas pinatindi pa ang pagpapadala ng mga Pilipino sa ibayong dagat? Noong 2010, umabot sa $18 bilyon (Php775 B) ang pumasok na remitans ng mga OFW. Katumbas ito ng 8.7 porsyento ng gross national product (GNP). Sa tantya ng gobyerno maaari pa ito tumaas hanggang $20 bilyon (Php860 B). Subalit sa kabila ng malaking perang ipinapasok ng mga bagong bayani, kapabayaan, bulok na serbisyo at programa ang ipinapalit ng gobyerno.

Ayon sa Migrante International, isang organisasyong nagtataguyod ng karapatan at nagbibigay serbisyo sa mga OFW, pinakamasahol ang unang taon ni Aquino para sa mga migrante at kanilang pamilya. Tinatayang 6 hanggang 10 Pilipino kada araw ang umuuwing bangkay sa Pilipinas. Sari-sari ang dahilan ng pagkamatay: pagpaslang, pagkakasakit, aksidente, bitay o suicide.

Tumaas rin ang bilang ng mga Pilipinong nasa *death row* sa ibang bansa. Mula 108 noong nakaraang taon, umabot na ito sa 122. Matatandaan, na kamakailan binitay ang tatlong Pilipino nasangkot sa iligal na droga sa Tsina at litaw ang huli nang pagtugon ng gobyerno ng Pilipinas upang maisalba ang buhay nina Sally Ordinario, Ramon Credo at Elizabeth Batain.

Humigit kumulang 7000 Pilipino naman ang nakakulong sa ibang bansa sa iba't ibang kadahilanan. Ayon sa Migrante, marami sa kanila ay nahatulang may-sala nang wala man lamang nasisilayang abogado sa buong panahon ng pag-uusig. Bahagi sana ito ng serbisyong (legal aid) na ibinibigay ng embahada ng Pilipinas sa mga bansang mayroong OFW.

Marami ring Pilipino ang patuloy na nabibiktima ng *human trafficking*, iligal na pagrerekrut at pang-aabuso. Sa datos ng *Department of Foreign Affairs*, mayroong 20,000 OFW, babae at bata, na nasa Gitnang Silangan ang di makaalis ngunit nais nang makabalik ng bansa.

Biktima rin ang mga kababaihang OFW ng sekswal na pang-aabuso. Isang tampok na kaso nito ang pinagdaanan ni Nerissa Neri, isang janitress sa Saudi Arabia. Biktima ng panggagahasa si Nerissa at nakulong nang lagpas sa panahon ng kanyang sentensya.

Samantalang mabilis ang pagpapalabas ng mga OFW, napakabagal naman ang pagtugon, pagpapabalik at pagbibigay ng suporta ng gobyerno sa mga naipit na Pilipino sa kaguluhan sa Libya at iba pang karatig-bansa. Katunayan, sampung porsyento lamang ng mga OFW sa Libya ang napauwi sa Pilipinas. Kalakhan pa ay dahil sa tulong ng kani-kanilang mga *employer* at ahensya, hindi dahil sa tulong ng gobyerno.

Sa kabila ng panganib at matinding kaguluhan sa mga bansang nasa Gitnang Silangan, patuloy pa ring hinihikayat ng pamahalaan ang mga Pilipinong mangibang-bayan upang magtrabaho. Hindi na lang sila bagong bayani, kundi bagong 'investor' na rin ang turing sa kanila. Hinihikayat silang mamuhunan sa bansa. Sa ganito, mas mapipiga ang bunga ng pagpapagod ng OFWs samantalang binawasan ang badyet para sa kanila. Mula sa dating P19 B alokasyon noong 2010, Php 10.9 B na lamang ang inaprubang badyet para sa OFW ngayon 2011.

Mapanlinlang rin ang pangakong P2 B pondo para sa *reintegration program* ng mga nagbabalik na OFWs. Sa unang pahayag ng Overseas Workers Welfare Authority (OWWA), magpapautang umano ito nang walang collateral sa mga napilitang bumalik na OFW para makapagtayo sila ng negosyo. Subalit binawi rin ito ng LandBank nang sabihin ng huling kinakailangan ng collateral upang makapangutang bukod pa sa *feasibility study* o mungkahing negosyong itatayo.

Sa ganitong patakaran at kalakaran, masahol pa sa gatasang-baka ang trato ng gobyernong sa mga OFW. At sa tinatakbo ng mga pahayag ng gobyerno sa tuwina, mas magiging puspusan pa ang pagluluwas at pangangalakal sa mga manggagawang Pilipino para maisalba ang ekonomiya ng bansa, ekonomiyang mayayaman ang kadalasang pinagsisilbihan.

Subalit sa pagtindi ng pandaigdigang krisis, ang pagkabangkarote ng *labor export policy* ay lalong malalantad. Sa pag-aaral ng Ibon, dumarami na ang bilang ng mga bansang (sa Asya, Latin America, Africa) nagpapadala ng migranteng manggagawa kasunod ng pandaigdigang resesyon. Sa paghigpit ng kompetisyon nagiging mas mahirap rin para sa Pilipinong migrante ang makakuha ng hanapbuhay sa ibang bansa. Sa ganitong sitwasyon, higit ang nagiging hamon sa pamahalaan na magkaroon ng programang makapagtitiyak ng segurong at disenteng hanapbuhay para sa mamamayan.

Sadlak ang kabuhayan ng kababaihang manggagawa

Hindi ligtas sa lumalalang kalagayan sa paggawa ang hanay ng kababaihang Pilipino. Malaking bahagi ng kababaihan na kabilang sa produktibong pwersa ay walang hanapbuhay at nananatiling hirap sa paghahanap ng trabaho. Ayon sa datos ng Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES), bumaba ang tantos ng paglahok sa produksyon ng kababaihang manggagawa na nasa 49.1 porsyento mula sa 50.7 porsyento nang nakaraang taon. Nitong Enero, 7.2 porsyento o 1,090,000 ang bilang ng kababaihang walang hanapbuhay. Mas mataas ito kaysa nakaraang taon kung saan nasa 999,000 ang dami ng kababaihang walang trabaho.

Makahanap man ng trabaho, talamak pa rin ang napakababang sahod at kawalan ng nararapat na benepisyo sa kanilang hanay. Sa C-On Idustries at FTN Corporation halimbawa, mga pagawaan ng garments sa Cavite, pumapatak sa P250 kada araw lamang ang sahod ng isang manggagawa kumpara sa dapat na minimum wage na P337. Sapilitan rin ang pagpapa-overtime nang walang karampatang bayad kapag hindi naaabot ang quota na itinatakda ng kumpanya.

Sa Carina Apparel Inc. naman, isa ring pagawaan ng garments sa Laguna, madalas ay madaling araw na nakakauwi ang mga manggagawa sanhi ng sapilitang overtime. Wala ring supply ng gamot sa klinik nito kung kaya kahit nakararanas ng pagkahilo at iba pang karamdaman ang manggagawa, wala rin itong maitulong.

Tulad sa iba pang manggagawa, bulnerable ang kababaihan, regular man o kontraktwal sa pagkawala ng trabaho lalo na ang mga nasa sektor ng garments, pagererepake ng mga pagkain atbp, lokal man ito o dayuhan. Nitong Mayo lamang, halos 200 babaeng manggagawa ng Mustad Terminal Tackle Inc. (MTTI), isang pagawaan ng mga *fishing hook* sa Novaliches na pag-aari ng Norway, ang nawalan ng trabaho dahil sa biglaang pagsasara ng kumpanya sanhi umano ng pagkalugi nito. Sa kabila nito, patuloy ang MTTI sa paglikha ng mga produkto at pagkamal ng tubo sa pamamagitan ng pag-empleyo ng mga manggagawang halos kalahati lang ang sahod (Php 140-Php250) sa subcontracted na paggawa sa mga kalapit-lugar mismo ng nagsarang pagawaan. Ito rin ang itinuturong dahilan ng pagsasara ng pangunahing planta ng MTTI.

Ganito rin ang kalagayan ng 50 manggagawa ng Guenevere International Trading, Inc., isang pagawaan ng damit sa Taytay, Rizal. Matapos mag-runaway shop ang kumpanya at lumipat ng ibang lokasyon, ipinagpatuloy nito ang operasyon pero iba na ang manggagawa, na pawang mga kontraktwal.

Hindi lang sa sweldo ginigipit ang kababaihang manggagawa, kundi maging sa kanilang organisasyon. Sa biglaang pagsasara, unti-unti ring binbuwag ng kapital ang pagkakaisa ng kababaihan. Hindi rin sila ligtas sa pandarahas ng management at mga kapitalista.

Halimbawa na lamang ay ang sunud-sunod na pag-atake ng management sa mga kasapi ng Bleustar Workers Labor Union (BWLU). Napagtagumpayan ng BWLU ang eleksyon ng unyon sa Bleustar Manufacturing and Marketing Corporation (BMMC), pagawaan ng Advan na sapatos sa Muntinlupa. Sa pakikipagsabwatan sa DOLE ginawa ng kumpanya ang lahat ng paraan upang makaiwas sa pagharap sa collective bargaining agreement (CBA). Tinangka nitong ipawalang-bisa ang sertipikasyon ng unyon bilang bargaining agent sa pamamagitan ng pagbubuo ng Advan United Workers Labor Union (AUWLU) at muling paglulunsad ng *certification elections*. Subalit muling binigo ng BWLU ang pakanang ito ng kumpanya at naipanalong muli ang unyon sa sumunod na eleksyon.

Sunud-sunod rin ang tangkang pagbuwag sa piket ng mga nakawelgang manggagawa at kasapi ng Samahan ng mga Manggagawa ng Philbless sa Valenzuela simula noong ikalawang hati ng taong 2010 hanggang sa ngayon. Patuloy rin ang pagmamanman, paniniktik at tangkang pananakot sa mga nakawelgang manggagawa ng Philbless. Isang di-kilalang naka-motorsiklo ang makailang beses na umiikot at humihinto sa tapat ng piketlayn sa alanganing oras ng gabi.

Mapanlinlang rin ang batas na ayos sa gobyerno ay mag-aalis ng diskriminasyon laban sa kababaihan. Sa ilalim ng Department Advisory 04 Series of 2010, ibinasura ng gobyerno ang Artikulo 130 at 131 ng Labor Code, ang *night work prohibition* na siyang nagbabawal sa mga kababaihang manggagawa na magtrabaho sa gabi. Sa Advisory na ito, magkakaroon umano ng pantay na pagkakataon ang mga babae at lalaki sa trabaho kahit sa gabi. Subalit hindi binanggit ang implikasyon ng pagpapatrabaho sa gabi lalo na sa kababaihan. Ang malimit na pagkaka-expose sa fluorescent lalo na sa gabi ay maaaring magdulot ng cancer at iba pang sakit sa mga babae.

Sinasabi ng pamahalaan na dinagdagan naman ang proteksyon ng mga babaeng manggagawa sa pagtatanggal ng *night work prohibition*. Subalit ang maluwag na polisiya at sistema sa pagmomonitor ng occupational health and safety (OHS) ay nagpapatuloy na banta sa kalusugan di lamang ng mga babaeng manggagawa kundi ng lahat ng mga manggagawa. Sa regulasyong inilabas ng DOLE, tungkulin na ng mga empresang may 200 manggagawa pataas ang mag-monitor sa sariling kumpanya at mag-susumite na lamang ng sariling *assessment* sa DOLE. Ibig sabihin, malaya silang magawa o hindi magawa ang mga dapat ipatupad na polisiya at pamantayan pagdating sa OHS. At ang mga kumpanyang maliliit (10-199 manggagawa) na lamang ang iinspeksyunin ng DOLE.

Legalisasyon ng mas malawak pang pleksibilisasyon at mapanlitong iskema sa relasyon sa paggawa

Layunin ng rehimeng Aquino na repasuhin at gawing makabago ang Batas Paggawa para iayon ang mga probisyon nito sa dikta ng *labor market* sa konteksto ng globalisasyon. Subalit matagal ang prosesong dadaanan ng pagrerepaso ng batas sa Kongreso, kaya naman ang DOLE na mismo ang nanguna sa paglalabas ng *Department Orders*, *Advisories* o desisyon para matugunan ang layuning ito ng rehimen.

Una na rito ang batas hinggil sa security of tenure na ginagarantiyahan ng Konstitusyon. Maagap ang pahayag ng *Department of Trade and Indusrty* sa proposisyon nitong paluwagin ang *security of tenure clause* sa *Labor Code* at saligang batas upang makahikayat ng marami pang mamumuhunan sa bansa. Isang halimbawa sa tunguhing ito ay: Una, ay ang pagsang-ayon ng Malacañang sa planong outsourcing sa PAL na magtatanggal sa trabaho sa 2600 manggagawa; Ikalawa, ang pagkibit-balikat ni Aquino kaugnay ng iligal na pagkakatanggal sa trabaho ng 144 na manggagawa ng ABS-CBN Internal Job Market (IJM) kahit pinagtibay na ng Department of Labor and Employment (DOLE) na regular na mga manggagawa ng ABS-CBN ang mga tinanggal na manggagawa ng ABS-CBN IJM.

Marami pang kontrobersyal na mga usaping nabanggit sa itaas, kaya nga paunti-unting kinukumpuni ng DOLE ang mga batas partikular ang may kinalaman sa relasyong paggawa.

Department Order No. 107-10, Series of 2010, *'Guidelines on the single entry approach prescribing a 30-day mandatory conciliation-mediation services for all labor and employment cases'* – naglalayon daw ang batas na ito na pabilisin ang proseso ng pagresolba sa mga usapin o sigalot na may kinalaman sa empleyo tulad ng sahod, retrenchment, dismissals, suspension, pagsasara, inter at intra-union dispute at money claims. Sa bagong batas, mandatory na idulog muna sa *Single Entry Assistance Desks* (SEADS) na itatayo sa mga sangay ng DOLE ang iyong reklamo at ayusin ng desk officers ang isyu sa loob 30 araw. Kaiba sa nakaraan, hindi ka na pwedeng dumiretso sa NLRC o NCMB kung ikaw ay may reklamo at hingin ang kanilang interbensyon, liban na lang kung ito ay Notice of Strike o may kinalaman sa implementasyon ng CBA.

Kaya't kung susuriin, ang batas na ito ay hindi talaga magpapabilis ng resolusyon kundi mas magpapabagal at mas makapagbibigay pa ng sobrang panahon sa kumpanya na makagawa ng hakbang laban sa reklamo ng manggagawa bago ito maisampa sa NLRC. Isa pa, ang desk officer ay walang kapangyarihang magdesisyon o magpataw ng desisyon hinggil sa reklamo kung ang manggagawa at kumpanya ay hindi magkasundo. Ang papel lang niya ay gumawa ng referral para iakyat sa National Labor Relations Commission (NLRC) o iba pang sangay ng DOLE ang usapin.

Department Advisory # 4 (noong Nobyembre 25, 2010) *Guidelines on the implementation of Flexible work arrangements and exemption of night work prohibition for women in the BPO Industry.* Bagamat ito ay isang Advisory lamang (pwedeng hindi sundin ng kumpanya), sa karanasan hindi na napag-iiba ang Advisory sa isang Order kaya ito ipinatutupad ng kumpanya lalo na kung ito ay papabor sa kanila. Hindi na bago ang pleksibleng oras at pagtatrabaho sa gabi lalo na sa kababaihan, subalit nilegalisa at higit na pinagtibay ng Advisory na ito ang kalakarang ito.

Para sa mga nagdadalantao o mga manggagawa na may maliliit na anak (nursing mothers), dapat boluntaryo ang pagpapatrabaho at kailangang may pasilidad ang kumpanya para sa kanila. Maganda ito kung maisasagawa, kaya lang sa kasaysayan ng paggawa, may batas man o wala, ang manedsment lamang ang nagpapasya sa oras at araw ng paggawa ng isang empleyado o manggagawa. Ang pagtanggi rito ay nagiging sanhi ng kanilang pagkatanggal sa trabaho.

Department Order 111-11, na nailabas noong Pebrero 20,2011. *Guidelines in the creation and institutionalization of Tripartite Industrial Peace councils (TIPCS) at Industry Tripartite Councils (ITCS).* Ang batas na ito ay pagtalima daw sa ILO conventions 144 at sa konstitusyon hinggil sa tripartismo. Kung iisa-isahin ang probisyon ng batas na ito, parang wala namang problema sa dahilang bibigyan ng pantay (batay sa bilang) na representasyon ang employer at unyon sa TIPCS sa pambansa at maging sa pangrehiyon, pamprobinya o pangmunisipyong antas. Ang representasyon ng unyon sa pambansang saklaw ay nakabatay sa kung sino ang may pinakamaraming deklaradong miyembro. Karamihan ng unyon na nakaupo rito ay miyembro ring ng RTWPB (Regional Tripartite Wage and Productivity Board). Magiging kasapi rin ng TIPC ang ITCS sa lahat ng antas na pangangasiwaan ng Undersecretary of Labor.

Kung iisa-isahin ang probisyon ng batas na ito, makikita ang makaisang-panig na tindig nito pabor sa mga kapitalista at pampalubag loob naman sa manggagawa hanggang sa tuluyan na silang ma-coopt (makain ng sistema) lalo na sa usapin ng representasyon sa mga ITCS sa tinatawag na priority industries, tulad ng industriya ng *mining, BPOs, construction, hospitals, at hotel*. Pinagtibay ng DO111-11, ang resolusyon ng TIPCS noong Setyember 14, 2010, na nagsasaad na hindi pwedeng organisahin o magtayo ng organisasyon ng manggagawa o unyon sa mga industriyang may ITC kung walang unyon o organisasyong umiiral dito, at sa halip ang manggagawa ng nasabing industriya ay kakatawanin na lamang ng mga umiiral na pederasyon o sentrong unyon na nagsasabing may pinakamaraming miyembro.

Kahit kailan hindi problema ang pag-organisa o pagtatayo ng organisasyon ng mga kapitalista at walang batas o department orders na nagbabawal dito para katawanin ang interest nila. Pero sa DO111-11, lantad ang pagbabawal sa pagtatayo ng unyon sa mga industriya kahit pa nga ang usapin ay tripartismo. Sa kasalukuyan, walang masasabing unyon o tunay na unyong nakatayo sa mga nasabing indusriya kaya't hungkag kundi man palamuti ang magiging representasyon ng manggagawa sa ITCS na ito. Higit pa rito, nagbibigay lamang ang batas na ito ng impresyon na may konsultasyon o dayalogo sa mga manggagawa, kundi man mukha ng pagkalehitimo na nakalilito o nakalilinlang sa tunay na kalagayan at katayuan ng manggagawa.

Sa huli, mas mahirap para sa masang manggagawa ang magtulak ng pagbabago dahil animo'y bahagi sila ng paghulma ng polisiya at programa ng gobyerno sa pamamagitan ng NTIPCS o ITCS. Ang pinagisang mekanismong ito sa kasalukuyang pamumuno ni DOLE Secretary Baldoz, ang siyang tagapagtaguyod at tagapgtulak sa implementasyon ng Labor at Employment Agenda ng administrasyong Aquino.

Hindi naglulubay ang pananalasa sa kilusang union at karapatang pantao ng mga manggagawa

Sa pambungad na parapo ng PLEP, nakasaad na layunin ng gobyerno ang "pagpapalakas sa pagtalima sa mga karapatan ng mga manggagawang naaayon sa Saligang Batas." Kabilang dito ang mga karapatan at kalayaang sibil-politikal, karapatang pang-ekonomya, sosyal at kultural tulad ng disenteng hanapbuhay, at karapatang pangmanggagawa tulad ng karapatan sa malayang pag-uunyon at *collective bargaining*. Nakasaad din sa PLEP na "nahaharap ang [Gobyerno ng] Pilipinas sa hamon [ng pagtataguyod ng mga karapatan ng manggagawa] kaugnay ng mga ulat ng International Labor Organization (ILO) hinggil sa mga pag-aresto, pagdukot sa mga manggagawang nag-oorganisa." Ito umano ay "nakasasagka sa pagpapaunlad ng tunay, malaya at independyenteng organisasyong pangmanggagawa…."

Bago pa ito, ipinangako ni Aquino sa SONA ng 2010 na tutuldukan ang pagpaslang o *extra-judicial killings* (EJKS) at pananagutin ang may kagagawan. Subalit isang taon matapos ang popular na salita at sulatin, nagpatuloy at nagpapatuloy ang pagpaslang at paglabag sa karapatang pantao. Sa bilang ng Karapatan, aabot na sa 48 ang biktima ng EJKS sa ilalim ni Aquino. Samantala, wala pa ring napaparusahan o nananagot sa mga pagpaslang na naganap sa kasalukuyan at nakaraang administrasyon.

Walang patid na atake

Sa pagtatala ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), di man lang nakaramdam ng kaluwagan ang manggagagawa sa unang taon ni PNoy. Simula Hulyo 2010, nakapagtala ang CTUHR (sa mga lugar na inaabot nito) ng **218 kaso** ng paglabag sa karapatang pantao sa **33, 178 manggagawa**. Pareho ang datos na ito kung ikukumpara sa kaso ng paglabag sa unang taon ng gobyernong Arroyo, kaya lang mas hamak na malaki ang bilang ng biktima sa ilalim ng rehimeng Aquino (5,363 biktima sa unang taon ni Arroyo). Isa pa, mas masa-

hol ang unang taon ni PNoy, sapagkat limang lider manggagawa at isang maralita ang pinaslang kumpara sa sa isang kaso sa unang taon ng gobyernong Arroyo.

Bahagi rin ng mga paglabag na ito ang **62 kaso** ng paglabag sa **karapatang sibil-pulitikal** sa **2, 519 biktima**. Samantalang **156 kaso** naman ang naitalang paglabag sa **panlipunan, ekonomiko at pangkulturang karapatan** na mayroong **31, 947 biktima** (kalakhan ay galing sa organisadong hanay ng manggagawa.) Wala ring pinag-iba ang paraan at padron ng paglabag sa karapatang pantao ng mga manggagawa sa ilalim ni PNoy sa nakaraang rehimen. (Tignan ang Table 3 at Table 5)

Table 3 Paglabag sa Karapatang Sibil Politikal (Hul 2010-Hun 2011)

Case Title	**No. of Cases**	**No. of Victims**
Extrajudicial Killing	6	6
Frustrated/Attempted Killing	2	2
Massacre		
Torture		
Physical Assault/ Injury (includes mauling)	9	125
Grave Threat, Harassment, Intimidation (includes surveillance, coercion and other forms)	20	207
Political Persecution		
Red Baiting/Red Tagging	2	14
Arbitrary Arrest/ Detention	5	37
Sexual Harassment		
Abduction		
Enforced Disapperance		
Fabrication of Criminal Charges due to political acts/belief or labor dispute	11	69
Illegal Search and Seizure		
Divestment of Property		
Destruction of Property	1	28
Violation of Domicile	1	5
Assault on the Picket Line	2	84
Breaking up/ Violent Dispersals of workers' concerted actions	3	1,328
Food Blockade		
Total CPR Violations	**62**	**2519**

Limang lider manggagawa, 1 lider maralita ang pinaslang

Pawang retorika at mabulaklak ang mga pananalita ni PNoy pero walang kongkretong hakbang upang usigin at panagutin ang mga may sala sa mga EJKs. Mas masahol pa, hindi tumigil ang pagpaslang sa manggagawa, lider-unyon, at maralitang lunsod. Sa unang taon ni Aquino, nakapagtala na ang CTUHR ng anim na kaso ng extrahudisyal na pagpaslang. Tulad sa mga naunang kaso ng pagpaslang, wala pa ring seryosong imbestigasyong naisagawa o naaresto kahit isang suspek (Tignan ang Table 4).

Table 4 Mga Biktima ng Pagpaslang (Hulyo 2010 - Hunyo 2011)

Date	Biktima	Lugar	Pinaghihinalaan	Posibleng dahilan	Posisyon at Organisasyon
9 Hulyo 2010	Mark Francisco	Palanas, Masbate	two unidentified gunmen in ski masks armed with M-16 rifles	kontra-insurhensya at kampanya ng militar laban sa hinihinalang prente ng New People's Army	Member, Alliance of Concerned Teacher
9 Hulyo 2010	Edgar Fernandez	Masbate City, Masbate	unidentified gunman	kampanyang kontra-insurhensya ng militar	Public School teacher
12 Nob 2010	Carlo Rodriguez	Calamba, Laguna	two unidentified gunmen onboard a motorcycle	kampanyang kontra-insurhensya ng militar	President, Nagkakaisang Lakas ng Manggagawa sa Calamba Water District - COURAGE
8 Marso 2011	Celito Baccay	Dasmariñas, Cavite	Management–Gart Dennis Melchor, Operations Manager of Maeno Giken	Union busting. Ang mga manggagawa ay nakaranas ng mga harasment at pananakot bago ang pagpaslang	Founder/Union Board member-Maeno Giken Workers Organization (MAGIKWO)
16 Marso 2011	Antonio Homo	Kadiwa, Navotas City	gun-for-hire affiliated to the Abu-abu syndicate	Upang patahimikin ang mga lumalaban sa development projects sa idedemolish na komunidad	Campaign Officer-Nagkakaisang Samahan sa Kadiwa (NASAKA)
12 Abril 2011	Santos Manrique	Pantukan, Compostela Valley	two unidentified men	Maaring dahil sa paglaban ng biktima sa planong pag-takeover ng multinational sa maliliitang pagmimina.	President-Federation of Miners Association in Pantukan (FEDMAP)

Nagpapatuloy ang militarisasyon at kampanyang kontra-unyon

Sa kabila ng malawak na pagkondena ng mamamayang Pilipino at buong daigdig sa Oplan Bantay Laya, pinalawig pa ito ng anim na buwan ng ni PNoy. Pinaunlad ang OBL at saka nagdeklara ng bagong programang kontra-insurhensiya: ang Oplan Bayanihan (OB) o ang Internal Peace and Security Plan (IPSP).

Kung susuriing mabuti, wala itong pinag-iba sa OBL liban sa ang dokumentong ito ay mababasa ng publiko at hindi isang malaking sikreto na tulad ng OBL. Bahagyang pinino lamang upang gawing katanggap-tanggap sa mga mamamayan ang OB. Gumamit ng magagandang retorika, habang nagbabandera ng *transparency* at pagrespeto sa karapatang pantao. Subalit ang totoo ay pinanatili at pinalawak pa nga ng OB ang Civil Military Operations (CMO) na ginagawang taktika ng militar upang pasukin ang mga komunidad at pagawaang pinaghihinalaan nilang impluwensiyado ng mga tinaguriang komunista. Dahil dito, nagpatuloy ang mga insidente ng paglabag sa karapatang pantao ng mga pwersa ng militar sa hanay ng mga manggagawa.

Nitong Pebrero halimbawa sa Dole Philippines, Polomolok, Timog Cotabato, samu't-saring porma ng pananakot, panggigipit at demonisasyon ang ginamit ng 27th Infantry Battalion (IB) upang matiyak lamang na matalo ang militanteng unyon na AMADO-KADENA-NAFLU-KMU sa naganap na certification elections. Naiulat sa CTUHR ang pagpapakalat ng mga mapanirang polyetong gamit pa mismo ang letterhead ng AMADO-KADENA bago at habang nagaganap ang kampanya sa eleksyon. Paulitulit na rumonda ang sasakyan ng militar sa labas ng opisina ng unyon habang binuhay ang dating nakatayong detachment ng militar ilang daang metro lamang ang layo sa likod ng opisina ng unyon. Samantalang si Lt. Col. Alejandro Nacnac, kumander ng 27th IB, ay nagpumilit na pumasok sa binuong Tripartite Council upang tiyakin umano ang malinis at maayos na eleksyon sa pagawaan.

Sa Lungsod ng Davao patuloy ang mga banta sa mga unyonistang sina Cerila Anding ng NAMAOS ng *Nagkahiusang Mamumuo sa Osmiguel* at Felisa Pernito ng Maragusan United Workers Union (MUWU). Nakaranas naman si Marvin Morales, treasurer ng *Kahugpungang Mamumuo sa Superstar* ng magkasunod na insidente ng paniniktik noong Pebrero 28 at Marso 3.

Sa ulat ng NLDF (Nonoy Librado Development Foundation), bandang alas-9 ng umaga ay may tatlong lalaking balingkinitan at nakasuot ng maong na jacket ang nagposte sa harap ng bahay ni Morales sa Maa, Davao City noong Pebrero 28. Isa sa mga lalaking ito ay kinausap si Alex Dotarot (kapitbahay ni Morales) at tinatanong kung kilala niya si Marvin Morales dahil hinahanap nila ang huli. Nagpakilala ang mga lalaki na manggagawa ng Superstar Coconut Products Corp. kahit unang beses pa lamang nila itong nakita. Nasundan pa ito noong Marso 3 nang tatlong lalaki naman ang nakitang nakaposte sa tapat ng bahay ni Morales. Nagdulot ito ng pangamba kay Morales at sa kanyang pamilya kaya napilitang silang iwan ang tirahan. Matatandaang dito rin sa lugar na ito pinatay ang lider magsasakang si Celso Pojas noong 2009. Bago ang mga paniniktik, iligal nang tinanggal sa trabaho si Morales noong Enero 27. Nagsimula ang mga harassment kay Morales nang mag-organisa ang mga manggagawa ng unyon noong Oktubre 2010.

Harassment sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso

Noong Mayo 20, muling binuhay ang gawa-gawang kasong *multiple murder* at *frustrated murder* sa abugado ng manggagawang si Atty. Remigio Saladero at 71 iba pang aktibista sa Timog Katagalugan kung saan 13 ay kilalang mga lider at organisador ng mga manggagawa.

Una nang naibasura ang kaparehong kaso noong Pebrero 2009 ngunit muling naisampa ito sa kabila ng kawalan ng ebidensiya na magpapatunay ng pagkasangkot ng 72 aktibista sa krimen.

Samantala, 28 manggagawa naman ng Vibram Manufacturing Corporation ang naharap sa kasong *economic sabotage, illegal detention, grave coercion, grave threat, at unjust vexation* matapos nilang maglunsad ng 'iligal' na welga noong Setyembre 14, 2010. Mabuti na lamang at nabigyan agad ng ayudang ligal ang mga manggagawa at nabasura ang kasong isinampa ng manedsment sa kanila noong Abril. Matatandaang 20 manggagawa ang nakulong noong 2006 ng halos tatlong taon (Karnation 20) matapos ding

akusahan ng kasong *illegal detention* matapos nilang maglunsad ng 'iligal' na welga.

Mas malakas ang loob ng kapitalistang tahasang labagin ang karapatan ng manggagawa

Tila wala ni katiting na pangambang sagasaan ng kapital ang karapatan ng manggagawa sa malayang pag-oorganisa. Kumbinasyon ng ibat-ibang taktika, legal at hindi ang iniuumang sa manggagawang nagtatangkang magsama-sama habang binubuwag ang mga dati nang nakatayong unyon .

Mula nang bumulusok ang bilang ng mga nag-uunyon noong 2001, hindi pa rin nakababawi ang mga manggagawa. Maliit pa rin ang bilang ng unyonisadong paggawa: 10.7 porsyento (1.7 milyon) ng mga sahurang manggagawa (19.5 milyon) ang may unyon. Higit na mas mababa naman bilang ng mga manggagawang nakapaloob sa CBA na aabot lamang sa 233 000 o 13.6 porsyento ng may union (1.2 porsyento ng sahurang manggagawa). Ibig sabihin nito, na isa lamang sa bawat isandaang sahurang manggagawa ang nakapaloob sa CBA (Enero 2011).

Patuloy naman ang mga paglabag sa karapatan sa pag-uunyon at *collective bargaining*. Sa talaan ng **CTUHR, 75** bagong kaso ng ganitong tipo ng mga paglabag ang naganap sa panahon ni PNoy. (Tignan ang Table 5)

14 na unyon ang nabuwag at nasa bingit ng pagkabuwag

Sa lungsod ng Butuan, Agusan del Norte, 213 manggagawa ng AMC Wood Product and Mini Saw Mill/Taiwood Formosa Dev't Corp. ang sumubok magtayo ng unyon simula noong Enero 2011. Ngunit nang maiparehistro ito at malaman ng manedsment ay agad na gumawa ng hakbang ang huli upang biguin ang namumuong unyon. Simula Marso 2, ay inisa-isang kausapin ng mga opisyales ng kumpanya ang mga miyembro ng unyon para kumbinsihing iatras ang kanilang pagsuporta sa unyon. Nang makita ng mga opisyales ng kumpanya na hindi ito gumagana, tinanggal sa trabaho ang 186 manggagawa bago matapos ang buwan. Idinahilan ng management ang pagiging kontraktwal ng

mga manggagawa sa kabila ng apat (4) na taong pagtatrabaho ng mga ito sa kompanya. Itinuloy ng mga manggagawa ang laban at nag-sumite pa rin ng petisyon para sa eleksyon ng unyon ngunit hinarang ito ng manedsment sa pamamagitan ng pagsusumite ng dokumentong nagtatakwil sa unyon. Pirmado ang naturang dokumento 20 manggagawa. Sa ngayon, patuloy ang operasyon ng kumpanya dahil kumuha sila ng bagong mga empleyado habang ang mga nag-unyong mga manggagawa ay hinihintay ang desisyon ng NLRC sa sinampang kasong *illegal dismissal*. (Tignan ang Table 6)

Itinulak ang mga manggagawa ng AMC na mag-unyon bunga ng napakababang pasahod (aabot lamang sa P243) na tinatanggap nila bagamat apat na taon na silang nagseserbisyo sa kumpanya. Wala rin silang natatanggap na mga benepisyo tulad ng SSS, Philhealth at Pag-Ibig. Lagpas-lagpas din sa 8 oras ang kanilang trabaho ngunit wala silang natatanggap na *overtime pay*. Wala ring *holiday*, *rest day* at *13th month pay* na natatanggap mula sa kumpanya.

Ganito rin ang kalagayan ng mga manggagawa sa Blaze Manufacturing, Mactan Economic Zone 2, Cebu na pag-aari ng bansang Hapon. Nakatakdang magsagawa ang *certification election* ang 42 manggagawa noong Hunyo 3, subalit Hunyo 2, nagsara ang kumpanya dahil sa naibenta na raw ito at iba ang may-ari.

Harassment sa mga Unyonista

Sa loob naman ng Cavite Economic Zone, nagreklamo ang mga 260 manggagawa ng Dae Duck Philippines sa lantarang pakikialam ng management nito sa gawaing unyon ng mga manggagawa. Simula nang opisyal na mag-*disaffiliate* ang unyon sa dating pederasyon na Federation of Unions in Rizal (FUR) noong Pebrero 23 ay itinigil na ng manedsment ang pagre-*remit* ng *union dues* sa unyon. Naguguluhan umano ang manedsment kung paano ibabahagi ang pera ng unyon. Ngunit naniniwala ang mga manggagawa na paraan ito ng kompanya para harasin ang ngayo'y independiyenteng unyon. Sa matagal na panahon kasi ay nakikita ng mga manggagawa ang sabwatan ng manedsment at FUR sapagkat noong namumuno pa ang FUR, walang naganap na pulong-konsultasyon sa pagitan ng pederasyon at mga manggagawa. Kahit sa panahon ng negosasyon ng CBA ay walang alam ang mga manggagawa sa mga napag-uusapan pero agad naisasara ang CBA nila.

Nagreklamo ang mga manggagawa sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB-DOLE) nang hindi pagkilala ng manedsment

sa bagong unyon noong Abril 7. Kasunod nito ay naglunsad ng mga pagkilos ang mga manggagawa sa loob ng pagawaan tulad ng ribbon wearing at pagpapamahagi ng mga polyeto upang ipahayag

TABLE 5 Paglabag sa Karapatang Pang-ekonomiya, Sosyal at Kultural (Hulyo 2010 - Hunyo 2011)		
Tipo ng Paglabag	**Blg ng Kaso**	**Blg ng Biktima**
Violation of the Right to Security of Tenure		
Illegal Dismissal		
Retrenchment/Closure	9	1,959
Dismissal due to labor dispute	18	1049
Forced Leaves/Reduced Workdays	6	4645
Long-term Contractualization	6	1366
Unsafe Working Condition		
Death due to unsafe working condition	10	34
Violation of the right to receive fair/just wages		
Underpayment of minimum wage	10	2623
Non/Delayed payment of wages	6	2918
Violation of the right to social security, insurance and other statutory benefits	8	1145
Table 5.1 Mga Paglabag sa Karapatan sa Pag-uunyon at Karapatan sa Sama-sama Pakikipagtawaran (CBA)		
Tipo ng Paglabag	**Blg ng Kaso**	**Blg ng Biktima**
Non-recognition of Union	6	736
Union-busting	13	2379
Workplace harassment on unionists	18	2261
Intervention on trade union affairs	2	737
Anti-Union Discrimination	7	744
Prohibition of the Right to Strike	6	4440
CBA violations and issues		
Non Implementation of CBA	10	3790
Bargaining in Bad faith/ Refusal to Bargain	13	3992
Table 5.2 Iba pang mga Paglabag		
Demolition of Urban poor communities	8	18475
Total ESCR/FOA Violations	**156**	**31,947**

Table 6 Mga Kompanyang Nagbuwag ng Unyon

Kompanya *Lokasyon*	**Industriya**	**Produkto**	**Blg ng Apektadong Manggagawa**	**Organisasyon/ Unyon**	**Iba pang paglabag**
AMC Wood Product and Mini Saw Mill/ Taiwood Formosa Dev't Corp. *Butuan City, Agusan del Norte*	Manufacturing	Lumber/Wood Products	213	AMC Wood Product Taiwood Formosa Workers Union	Underpayment of minimum wage, Violation of the right to receive SSS and other statutory benefits, Harassment on unionists, Anti-union discrimination, Non-recognition of union, Dismissal due to labor dispute (186)
Andres Soriano College *Bislig, Surigao del Sur*	Service	Education Institution	47	Andres Soriano College Employees Union	Refusal to bargain, Underpayment of wages
Bacolod Our Lady of Mercy Specialty Hospital *Bacolod City, Negros Occidental*	Service	Hospital Care	31	Bacolod Our Lady of Mercy Specialty Hospital Employees Union	Dismissal due to labor dispute
Banco Filipino Mortgage Bank* *Manila*	Service	Banking	700	Banco Filipino Supervisory Union, Banco Filipino Staff Union	Illegal Closure
Cebu Progress Commercial Corp. *Cebu City, Cebu*	Manufacturing	Furnitures	108	Cebu Progress Commercial Employees Union	Workplace harassment on unionists, Dismissal due to labor dispute, Anti-Union Discrimination
Davao Rayner Metro Shuttle *Davao City*	Service	Bus Transportation	477	Davao Rayner Metro Shuttle Labor Union	Intervention on trade union affairs (union election), workplace harassment on unionists.
Filipinas Palmoil Processing Inc. *Libis, Quezon City*	Manufacturing	Refined Palm Oil	60	Filipinas Palmoil Employees Union	Closure/Retrenchment
Lepanto Consolidated Mining Corp. *Mankayan, Benguet*	Mining	Gold	1500	Lepanto Employees Union	Dismissal due to labor dispute (453), Bargaining in faith, Delayed/Underpayment of wages
Maeno Giken Inc. *First Cavite Industrial Estate, Dasmariñas Cavite*	Manufacturing	Steel Products (Parts of Heavy Equipments: Container crane, fuel and chemical tanks) for Export	90	Maeno Giken Workers Organization	Killing (1), Workplace harassment on unionists, Anti-Union discrimination
Mustad Terminal Tackle Inc.* *Quezon City*	Manufacturing	Fishing Hooks and Accessories	200	Mustad Terminal Tackle Workers and Employees Association, Mustad Union of Supervisory Employees, MUSA	Illegal Closure

* More than one union were destroyed

ang diskontento sa ipinapakitang pakikitungo ng manedsment sa unyon. Sa halip na dinggin ang protesta ng mga manggagawa, nag-isyu ng mga memorandum ang kompanya at inakusahan ang mga manggagawa ng paglabag sa *company rules and regulations* (CRR). Binabaan rin ang mga manggagawa ng tig-3 araw na *suspension order*.

Matinding panggigipit naman ang ginawa sa ingat-yaman ng unyon na si Jerson Ballena. Simula Mayo 17, inalis sa dating trabaho si Ballena at dinala sa opisina ng *Human Resource*. Ngunit nang dalhin siya doon ay hindi siya binigyan ng trabaho kundi pinaupo lang sa isang sulok ng opisina sa buong oras ng kanyang shift. Pinagbawalan din siyang makipag-usap sa ibang emplyado sa opisina.

Pambabarat sa CBA na pinalala pa ng pakikialam ng DOLE

Isang plantasyon ng palmoil sa probinsiya ng Agusan del Sur ang hanggang ngayo'y walang katiyakan ang kahihinatnan ng CBA.

Labinlimang buwan na ang negosasyon ng CBA sa Filipinas Palmoil Plantation Inc. (FPPI) sa Rosario, Agusan del Sur ngunit hindi pa ito naisasara. Simula noong Abril 11, 2010 ay nagsumite na ng intensiyon ang 557 miyembro ng FPPI Workers Union na pag-usapan ang lalamanin ng CBA sa susunod na dalawang taon pero hindi ito seryosong hinarap ng manedsment. Pangunahing usapin dito ang hindi mapagkasunduang dagdag sahod. Batay sa pag-aaral ng mga manggagawa, kailangan ng kanilang pamilya ng P130-150 dagdag sahod upang makaagapay sa pang-araw-araw na gastusin sa susunod na dalawang taon ngunit ang kaya umanong ibigay ng manedsment ay P4 lamang. Hindi makapaniwala rito ang mga manggagawa dahil alam nilang malaki ang kinikita ng FPPI. Ayon kay Elmer Jamero, pangulo ng unyon, sa isang ektarya ng plantasyon ay nakaka-ani ng 4 na tonelada ng crude palmoil kada taon at sa ngayon ay mayroong 8, 000 ektarya ang FPPI. Batay sa Philippine Palmoil Development Council, nagkakahalaga ng $1, 077 (July 8, 2011 price) ang isang tonelada ng crude palmoil. Kung susumahin ay aabot ng $34.46M (P1.44B) ang kinikita ng FPPI kada taon sa bultuhang presyo pa lamang nito. Mas malaki ang kita kung idadagdag rito ang benta ng *refined palm oil*.

Dahil dito, naglunsad ng welga ang mga manggagawa noong Oktubre 4, 2010 upang igiit ang hinihinging dagdag sahod. Ngunit apat na araw pa lamang ang welga ay agad din itong binabaan ng Assumption of Jurisdiction (AJ) order ni DOLE Secretary Baldoz. Dahil sa kautusang ito, napilitan ang manggagawa na bumalik sa trabaho. Kasabay nito ay

iniutos rin ng DOLE na magkasundo ang kumpanya at manggagawa sa P20 na (P10 kada taon) dagdag sahod sa dalawang taon. Binarat pa ito ng kumpanya at nagsumite ng mosyon upang pababain ito sa P11 (P5 unang taon, P6 pangalawang taon). Hindi ito tinanggap ng mga manggagawa at hanggang ngayon ay nasa DOLE Secretary pa ring ang usapin. Hindi pa rin sila makapaglunsad muli ng welga dahil sa AJ.

Mga kundisyong kontra-unyon

Bagamat ibinabandera ng pamahalaang Aquino ang *industrial peace* bilang mayor ng erya ng implementasyon ng *22-Point Labor and Employment Agenda*, ang mga polisiya at aksyon ng pamahalaan ay unti-unti namang pumapatay sa karapatan sa pag-uunyon ng maraming manggagawa. Bukod sa tahasang panunupil sa pag-oorganisa ng mga regular na manggagawa sa loob ng mga empresa, ang tumitinding kontraktwalisasyon at pleksibilisasyon ay isa ring malaking hadlang upang matamasa ng mga manggagawa ang karapatan sa pag-uunyon. Nabanggit na sa itaas ang ilang mga kaso ng kontraktwalisasyon na bukod sa banta nito sa seguridad sa hanapbuhay ay layon ding buwagin ang mga nakatayo na (i.e. PALEA, MTTIWU) at katatayo pa lamang na unyon (i.e. ABS-CBN IJM). Dagdag pa rito ang pagpapahina ng sama-samang pagkilos ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pambabarat sa CBA at pagpataw ng AJ sa mga nagwewelgang manggagawa. Ang paglobo ng sektor impormal na aabot na sa halos kalahati (45 porsyento) ng may hanapbuhay – dahil na rin sa patuloy na pagdausdos ng ekonomiya – ay isang kalagayan ring nagpapahina sa sa pag-uunyon sa bansa.



Hindi Ligtas na Pagawaan, Patuloy na Umiiral sa Ilalim ni PNoy

Ipinagpatuloy ng pamahalang Aquino ang patakaran ng *self-assessment* sa hanay ng mga employer kaugnay ng kaligtasan at kalusugan sa trabaho (occupational health and safety o OHS) sa pamamagitan ng DOLE Department Order 57-04. Dahil dito, patuloy ang pagdagdag ng bilang ng mga manggagawa na namamatay at nasasaktan habang sila ay nagtatrabaho sa mga lugar paggawa.

Table 7 Aksidente sa mga Lugar Paggawa (Enero-Hulyo 2011)

Kumpanya	Petsa	Lokasyon	Blg ng Namatay	Blg ng Nasaktan	Dahilan ng Aksidente
ETON Philippines Inc., ARLO Aluminum	January 27, 2011	Makati City	10	1	Bumagsak na Elevator, Kawalan ng Protective Gear
A. Brown Palm Oil Plantation	April 29, 2011	Opol, Misamis Oriental	9	53	Tumaob na Sasakyan, Hindi Ligtas na Kalsada ng Plantasyon
Xstrata Plc	April 3, 2011	Pulabato, South Cotabato	4		Landslide dahil sa Malakas na Pag-ulan
Human Road and Bridges Corp.	June 2, 2011	Antipolo City	2		Gumuhong Ginagawang Kanal
ASEC Development and Construction Corp.	March 11, 2011	Cebu City	2		Gumuhong Bubong, Kawalan ng Protective Gear; Sumabog na Dram ng Kemikal
Small-scale mining	June 19, 2011, June 29, 2011	Itogon, Benguet	2	1	Pagsabog sa loob ng Minahan, Gas Poisoning
Philex Mining Corporation	June 14, 2011	Padacal, Tuba, Benguet	2	1	Bumagsak na Malaking Bato
Small-scale mining	March 19, 2011	Sitio Hangadong, Barangay Golden Valley, Mabini, Compostela Valley	2	5	Gumuhong Tunnel ng Minahan
Hanjin Heavy Industries and Construction Philippines Inc	March 9, 10, 12, April 15,20, 2011	Subic, Zambales	1	4	Bumagsak na Bakal na Parte ng Barko
DCD Construction Inc.	April 21, 2011	Cebu City		2	Bumagsak na Palapag ng Giangawang Gusali
NAIA	May 8,17, 2011	Pasay City		11	Bumagsak na Kisame, Tumamang Kidlat sa Eroplano
Kabuuang Bilang			**34**	**78**	

Sa unang hati pa lang ng taong 2011, nakapagtala na ang CTUHR ng 17 aksidente sa loob ng lugar paggawa sa 11 kumpanya sa buong bansa. Tatlumpu't apat (34) na manggagawa ang namatay habang 78 ang nasugatan simula Enero 2011. (Tignan ang Table 7)

Sa tala ng CTUHR, pinakamaraming bilang ng apektadong manggagawa ay mula sa sektor ng agrikultura kung saan may 9 na namatay at 53 ang nasaktan sa isang aksidente lamang sa Misamis Oriental.

Sinundan naman ito ng *construction* at *mining* kung saan kapwa 17 manggagawa ang naging biktima. Labing-apat (14) ang patay habang 3 ang nasaktan sa 5 kasong naidokumento sa c*onstruction*. Samantalang, 10 ang patay at 7 ang nasaktan sa *mining*.

Patuloy rin ang di-ligtas na kalagayan ng paggawa sa sektor ng *manufacturing*. Apat na kaso ng aksidente ang naitala ng CTUHR sa Hanjin, isang pagawaan ng barko na pag-aari ng mga Koreano sa Subic, na siyang kumitil sa buhay ng isang manggagawa at nagdulot ng pinsala sa 4 na iba pa.

Dalawang kaso naman ng aksidente ang naitala sa *service sector*. Labing-isang manggagawa ang nasugatan sa NAIA: 2 dahil sa pagguho ng kisame ng NAIA at 9 ang tinamaan ng kidlat ng isang eroplano. Hindi pa kasama sa mga naitalang aksidente ng CTUHR ang mga OFW na naaksidente sa labas ng bansa.

Hindi rin nalalayo ang bilang na ito sa naitala ng Instiutute of Occupational Health Safety and Development (IOHSAD) noong 2010. Nakapagtala ang IOHSAD ng 180 na pagkamatay at 364 na nasugatang manggagawa noong nakaraang taon. Nangunguna ang *construction* sa dami ng kaso ng pagkamatay (73) at pagkasugat (120) ng mga manggagawa dahil sa di-ligtas na kalagayan sa paggawa (Tignan ang Table 8).

Sa kabuuan, umabot na sa 656 manggagawa ang naapektuhan ng di-ligtas na lugar paggawa. Dalawang daan at labing-apat (214) sa mga ito ang namatay habang 442 ang nasaktan sa taong 2010 at unang hati ng 2011.

Sunud-sunod at walang habas ang demolisyon sa ilalim ni PNoy

Maging sa mga maralitang taga-lunsod, hindi naging makabuluhan ang "tuwid na daan" ni Aquino.

Isang komunidad kada buwan ang dinemolish

Mahigit isang buwan pa lamang ang administrasyong Aquino, nagkaroon na ng unang marahas na demolition sa New Manila, Quezon City noong Agosto 11, 2010. Matapos nito, sunud-sunod rin ang paggiba sa iba pang mga komunidad sa iba't ibang lugar sa bansa. Sa tala ng CTUHR, 16 na magkakahiwalay na beses nagkaroon ng demolisyon sa 14 na lungsod sa buong bansa simula noong Hulyo ng nakaraang taon. Nangangahulugan ito na isang komunidad kada buwan ang dinemolish sa unang taon pa lamang ni PNoy. Nakaapekto ito sa 27 000 pamilya o 103 000 indibidwal. Kalakhan dito, 10 sa 14 na komunidad, ay nasa Metro Manila.

Marami pang ibang komunidad ang nakatanggap na ng utos na kusang umalis (*self-demolish*) sa kanilang mga komunidad o sapilitang idedemolish ng gobyerno ang kani-kanilang tahanan.

Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Department of the Interior and Local Government (DILG), mahigit kalahating milyong pamilya (556 526) sa Metro Manila ay informal settlers o mga pamilyang nakatira sa *danger zones*, lupa ng gobyerno, at pribadong lupa na pagmamay-ari ng ibang tao. Ibig sabihin, isa sa apat na residente (2.7 M[4] sa 11.5 M populasyon) sa Metro Manila ay *informal settler*. Ito ang bilang ng mga pamilya na balak i-demolish ng gobyerno sa Metro Manila pa lamang.

Marahas na demolisyon

Tampok ang karahasan sa bawat demolisyon. Sa tala ng CTUHR, 152 indibidwal kabilang ang 27 menor de edad ang nasaktan sa mga naganap na demolisyon.

Isang halimbawa ng marahas na demolisyon ang naganap sa Laperal Compound sa Makati City. Sa salaysay ni Del Cabe, 44 taong gulang at isang residente sa Laperal, may dalang tubo at maso ang mga nakahelmet na myembro ng *demolition team*. Nang ipag-utos na ni Col. Bonifacio ng Makati Police District na gibain ang mga bahay sa loob ng compound, pinaghahampas ng tubo ang lahat ng nasa loob at hinabol ng *demolition team* ang mga residente hanggang maitaboy sila sa

4 556 526 families multiplied by 5 family members

Table 8 Bilang ng biktima ng aksidente ayon sa industriya (2010)			
Industriya	**Namatay**	**Nasaktan**	**Kabuuang Bilang**
Construction	73	120	193
Manufacturing	38	22	60
Mining	26	36	62
Agriculture	24	54	78
Service	19	132	151
Kabuuang Bilang	**180**	**364**	**544**

IOHSAD

Table 9 Listahan ng demolisyon sa ilalim ni PNoy	
Petsa	**Lugar**
August 11, 2010	Brgy. Mariana, New Manila, Quezon City
August 13, 2010	Bataan National Park, Dinalupihan, Bataan
September 23, 2010	Brgy. San Roque, Quezon City
November 23, 2010	Brgy. Tebag, Sta. Barbara, Pangasinan
January 25, 2011	Brgy. Corazon de Jesus, San Juan City
February 21, 2011	Ceres South Terminal, Lopez Jaena St., Bacolod City, Negros Occidental
Feb 23-28, 2011	Interior Dama de Noche, Kadiwa, Brgy. San Roque, Navotas City
February 25, 2011	Reclamation Area, Bacolod City, Negros Occidental
March 2, 2011	Interior Dama de Noche, Kadiwa, Brgy. San Roque, Navotas City
March 30, 2011	Cherry East Cul de Sac, Barangay Sun Valley, Paranaque
March 30, 2011	Lorenzana area at the Coastal Road in San Dionisio, Paranaque
April 28, 2011	Barangay 182, Zone 16, Pangarap Village, Caloocan City
April 28, 2011	Laperal Compound, Guadalupe Viejo, Makati City
May 5-62011	Interior Dama de Noche, Kadiwa, Brgy. San Roque, Navotas City
May 11, 2011	Interior Dama de Noche, Kadiwa, Brgy. San Roque, Navotas City
June 6, 2011	Brgy. Sta Lucia, Pasig City

labas. Tinamaan ng tubo ang binti si Cabe na naging sanhi ng pamamaga nito. Hindi siya nakalakad tatlong araw matapos ang insidente. Wala ring rescue team na ipinadala ang lokal na pamahalaan ng Makati upang magbigay ng first aid sa mga sugatan dahil sa demolisyon. Samantala, ang ibang sugatang residente ay tinanggihang gamutin ng Ospital ng Makati dahil umano sa utos ng City Hall.

Mayroon namang 56 kaso ng pag-aresto at pagkakulong sa mga komunidad na dinemolish. Sa lahat na naidokumentong pag-aresto na ito, hindi naipaliwanag ng mga pulis sa mga hinuling residente kung anong batas ang kanilang nilabag. Hindi rin pinaliwanag ang kanilang mga karapatan.

Bukod sa pag-aresto, hindi rin nakaligtas sa mga kasong kriminal ang mga residente ng mga komunidad na dinemolish. Sa dokumentasyon ng CTUHR, 23 indibidwal ang sinampahan ng iba't ibang kaso ng mga pulis dahil sa di-umano'y paglabag sa batas, panggugulo at paglaban sa demolition team. Tignan ang Table 10)

Dahilan ng demolisyon

Walo sa 14 na dinemolish na komunidad ay pribadong

Table 10 Lagom ng datos ng demolisyon sa ilalim ni PNoy

Lugar	Nasaktan	Inaresto	Pinatay	Sinampahan ng kaso (Indibidwal)	Bilang ng Apektado		Dahilan ng Demolisyon
					Pamilya	Indibidwal	
Brgy. Mariana, New Manila, QC	17				180	540	Pribadong Lupa (dating relocation site)
Brgy. San Roque, QC	14	2			16000	48000	Proyekto ng Gobyerno (Quezon City Business District)
Brgy. Corazon de Jesus, San Juan City	68	20		8	103	515	Proyekto ng Gobyerno (Bagong City Hall ng San Juan)
Interior Dama de Noche, Kadiwa, Brgy. San Roque, Navotas City	22		1		466	3000	Proyekto ng Gobyerno
Dypac Compound, Bagong Palengke, Juan Luna St. Tondo, Manila		9		9	300	1000	Pribadong Lupa
Barangay 182, Zone 16, Pangarap Village, Caloocan City	2				8000	40000	Pribadong Lupa (Lupang Inilaan para sa Proyektong Pabahay)
Laperal Compound, Guadalupe Viejo, Makati City	19	5		6	2000	10000	Resolusyon ng Pamahalaang Lungsod (Danger Zone)
Brgy. Sta Lucia, Pasig City	10	16			174	500	Proyekto ng Gobyerno (Rehabilitation of Floodway)
Brgy. Tebag, Sta. Barbara, Pangasinan	2	4			50	150	Pribadong Lupa (Kinansela ang CLT)
Ceres South Terminal, Lopez Jaena St., Bacolod City, Negros Occidental					29	100	Proyekto ng Gobyerno (Rehabilitation of Bus Terminal)
Bataan National Park, Dinalupihan, Bataan					400	1200	Ilegal na pagtatayo ng bahay sa Protected Area
Reclamation Area, Bacolod City, Negros Occidental					20	60	Pribadong Pag-aari
Cherry East Cul de Sac, Barangay Sun Valley, Paranaque	1				no data	no data	Pribadong Pag-aari
Lorenzana area at the Coastal Road in San Dionisio, Paranaque					76	300	Pribadong Pag-aari
Kabuuang Bilang	**152**	**56**	**1**	**23**	**27,223**	**103,555**	

pag-aari, lima ay pagmamay-ari ng gobyerno na nakalaan raw sa isang government project at isa ay lupang dineklarang *protected area*.

Pinakamataas na bilang ng residenteng nasaktan, inaresto, at kinulong ang naging demolisyon sa tatlong komunidad na tatamaan ng *government projects*. Sa Quezon City halimbawa, nademolish ang ilang kabahayan at planong isunod ang lahat ng kabahayan sa Barangay San Roque sa North Triangle dahil sa proyekto ng *National Housing Authority* at *Ayala Company* na gawing *commercial estate* ang lugar. Parte ito ng plano ng gobyernong magtayo ng *Quezon City Business District* sa *North Triangle.*

Sa labas ng Metro Manila ay naganap ang demolition sa Sta. Barbara sa Pangasinan matapos kanselahin ng gobyerno ang *Certificate of Land Transfer* (CLT) ng mga magsasaka at pahintulutan sa pamamagitan ng *Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms* (CARPER) ang pagsasawalang-bisa ng mga CLTsa mga lupang sakop ng CARPER kahit pa lehitimong *famer beneficiaries* ang may hawak nito.

Kakapusan ng proyektong pabahay at relokasyon

Ayon mismo sa pag-aaral ng DILG, kulang ang kasalukuyang bilang ng pabahay para sa target na bilang ng pamilyang ide-*demolish* sa Metro Manila pa lamang. Lampas kalahating milyong bahay (523 765) ang kasalukyang kakulangan para mabigyan ng relokasyon ang mga *informal settlers.*

Dagdag dito, inamin din ng *Presidential Commission for the Urban Poor* (PCUP) na ang mga lugar ng pabahay ng gobyerno ay kulang sa access sa oportunidad sa trabaho. Ang kawalan ng oportunidad na ito ang dahilan upang hindi mabayaran ng mga pamilya ang kanilang buwanang amortisasyon sa pabahay. Ito rin ang dahilan kung bakit ang mga pamilya ay bumabalik sa Metro Manila at dumaragdag sa bilang ng informal settlers.

Ayon din mismo sa PCUP, hindi sapat at hindi rin maaasahan ang suplay ng kuryente at inuming tubig sa mga proyektong pabahay, bu-

kod pa sa kalayuan nito sa mga paaralan at pasilidad pangkalusugan. Ang mga natuklasan ng PCUP ay matagal nang alam ng mga maralitang tagalunsod kung kaya't tinatanggihan nila ang mga inaalok na relokasyon ng gobyerno.

Ngunit sa dinemolish na komunidad sa Makati, hindi man lamang sila inalok ng relokasyon bago ang demolisyon. Inalok lamang ang ilan sa kanila ng Php 5 000 kada pamilya upang bumalik sa probinsya at sinabihang walang maibibigay na relokasyon ang gobyerno ng Makati. Noong nademolish na ang kanilang mga bahay, inalok sila ng DILG ng relokasyon sa Rodriguez, Rizal o sa Bulacan, malayo sa kanilang mga kasalukuyang trabaho at paaralan ng kanilang mga anak. Dahil sa kawalan ng paglilipatan, nanatili sa gilid ng kalsada ang mga dinemolish na pamilya sa loob ng mahigit isang linggo.

Tuwid na daan=pagwasak sa tahanan

Sa pagtahak ng pamahalaang Aquino sa "tuwid na daan," winawasak naman nito ang tahanan ng maraming mamamayan. Sa halip na matigil ang mga demolisyon, naging mas marahas pa ang mga ito sa unang taon ni PNoy. Ang mga tinaguriang "*development projects*" ng pamahalaan sa aktwal ay bumiktima sa libong pamilya, sumira sa maraming tahanan at nag-alis ng kabuhayan ng marami.

Samantalang ginagamit ang rekurso at pwersa ng estado (kapulisan, MMDA at maging ang militar) upang 'maibalik' sa mga pribadong may-ari ang lupang kinatatayuan ng maraming komunidad, binabarat naman ng gobyerno ang programang pabahay para sa maralitang mamamayan. At sa todo-largang PPP, daan libong pamilya pa ang tiyak na mawawalan ng tahanan sa ilalim ni PNoy.

Nagpatuloy sa pakikibaka ang mamamayan

Naging mapagmatyag ang mamamayan sa unang taon ni PNoy. Inabangan ng lahat ang mga programa at polisiyang ipapatupad ng bagong administrasyon.Nagpatuloy at pinalakas pa ang mga kampanya upang igiit ang mga karapatang ipinagkait ng nakaraang rehimen. Sa partikular, muling pinalakas ang panawagan para sa makabuluhang dagdag sahod. Hinamon rin ng mga manggagawa ang pamahalaang Aquino na ipatupad ang mga rekomendasyon ng ILO ukol sa mga paglabag sa karapatang pangmanggagawa laluna ang mga pagpaslang at mga politikal na pagkakakulong.

Bagamat sa kalakhan ay walang signipikanteng pagbabago sa mga programa ni PNoy para sa mga manggagawa at maralita kumpara



sa pinalitan nito sa Malacañang, may ilang mga naabot na tagumpay ang mga manggagawa sa patuloy nitong pakikibaka. Isa na dito ang pagpapalaya sa lider manggagawa na si Vincent "Bebot" Borja na nakulong ng tatlong taon dahil sa gawa-gawang kasong murder matapos. Pinalaya si Ka Bebot nang di siya makilala ng saksi ng nagaakusang panig.

Nanalo rin sa kasong *illegal dismissal* ang Karnation 20, ang mga manggagawang nakulong at sinampahan ng kasong serious illegal detention dahil sa pagwewelga. Sa kabila ng panggigipit, nanalong muli ang Bluestar Workers Labor Union sa certification elections na muling pinatawag ng manedsment ng Advan matapos nitong di kilalanin ang unang pagkanalo ng unyon noong 2008. Nakapagsara rin ng CBA ang Samahan ng mga manggagawa sa EMIYazaki. Ang mga manggagawa naman sa ilalim ng Diocese of Novaliches, sa tulong ng Labor Ministry, ay nakapagbuo ng isang samahan ng manggagawa: Samahan ng Manggagawa at Kristiyanong Pamayanan (SMKP).

Sa muling pagpapalakas ng kampanya para sa dagdag-sahod, muling pinag-usapan sa Kongreso ang batas upang magkaroon ng P125 across the board nationwide na dagdag sahod sa pamamagitan ng House Bill 375 ng Anakpawis Partylist. Dahil sa tuluy-tuloy na pagkilos ng mamamayan para sa P125 dagdag sahod, nakakuha ito ng suporta mula sa ilang mga prominenteng mambabatas tulad nina Manny Paquiao at Manny Villar. Sa kasalukuyan, mayroong konsultasyon sa mga rehiyon para sa batas na ito upang mapalawak pa ang suporta para sa legislated P125 na dagdag sahod.

Tuwid ba o baluktot ang daang tinahak ni Aquino? Ano ang dapat gawin ng mamamayan?

Kung mamarkahan ang isang taon ni PNoy, malinaw pa sa sikat ng araw na bumagsak siya sa unang pagsusulit. Hindi lang siya nabigong papanagutin ang mga may kagagawan sa mga paglabag sa karapatang pantao, nagpatuloy ito, at nilagpasan pa niya ang unang taong record ng gobyernong Arroyo sa paglabag sa karapatan ng manggagawa at maralita. Wala pa ring naparusahan sa pandarambong sa kaban ng bayan.

Kung may tuwid mang daang tinahak ng administrasyong Aquino sa kanyang unang taon, ito ay ang daan tungo sa malayang pagaalay ng bansa sa dayuhang puhunan at pandaigdigang pamilihan at hindi para mapabuti ang kabuhayan ng mamamayan. Malinaw at tuwid rin ang direksyon ng gobyernong Aquino sa pag-asa at pagsandig sa suportang militar at lohistika at higit pang panghihimasok ng Estados Unidos sa Pilipinas.

Para sa manggagawa at maralita, liban sa pagganyak sa dayuhang kapital at agresibong paghahanap ng trabaho para maging tagapagsilbi ang Pilipinong manggagawa sa ibang bansa, walang malinaw at estratehikong programa ang pamahalaang Aquino kung paano lulutasin ang disempleyo at kahirapan. Hindi kayang takpan ng magandang salita ng paglingap sa magsasaka at mahihirap ang patuloy nitong pagkikibit- balikat sa pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo na siyang mas makakapagbigay ng matagalang kaluwagan at hanapbuhay sa mga Pilipino. Sa Hacienda Luisita na lamang, pilit nitong inilalabas ang sarili sa usapin at iginigiit na wala na siyang investment dito, samantalang bukod sa bahagi ng nagmamay-ari, ay tungkulin niyang makialam dito bilang Pangulo.

Hindi rin kayang solusyunan ng abuloy o donasyon mula sa CCT, pantawid pasada o iba pang anyo ng *relief* ang kahirapan at gutom na matagal nang bumabayo sa sambayanan. Maaaring pansamatala lang naiibsan ang gutom ng 4 milyong pamilyang benepisyaryo ng CCT, pero hindi ito mag-aahon sa kanila mula sa kahirapan.

Una, wala ring kakayanan ang gobyerno para isustina ang ganitong programa, mangangailangan ito ng tiyak na pagkukunan ng napakalaking halaga, na wala ang bansa. Aabot na sa P320 bilyon ang depisito sa budget, at ang solusyon: magpapataw ito ng dagdag na buwis, papalakihin ang remitans ng OFW (mas maraming Pinoy ang iluluwas) at patuloy itong mangungutang sa dayuhang bangko o institusyong pampinansya tulad ng World Bank (WB) at Asian Development Bank (ADB).

Ikalawa, higit na maglulugmok sa sambayanan ang patuloy na pangungutang ng gobyerno. Sa pagtatapos ng 2010, lomobo na sa US$ 59.8 bilyon ang utang panlabas ng Pilipinas – katumbas ng 33.1 porsyento na GDP - at tumataas ito taon-taon ng 9.8 porsyento samantalang 7 porsyento lamang ang pinakamataas na inabot ng paglago ng ekonomiya. Ngayong taon (2011), aabot na sa US$ 8.49 bilyon ang halaga ng *debt servicing* ng bansa. Ang paglaki ng

utang panlabas ay mas magpapahigpit sa kontrol ng dayuhang institusyon sa ekonomiya at iba pang polisiya para tiyakin na mabayaran ng Pilipinas ang kanyang pagkakautang.

Pangatlo, ay sistemang dole-outs, donasyon o abuloy ay maganda sa larawan lalo na kung ito ay ilalagay sa mga poster ng kampanya o pa-pogi sa publiko. Subalit kung susuriin, sa ganitong paraan hinihikayat kundi man tinatrato ng gobyerno ang mga dukha na parang mga pulubi na nakaasa at naghihintay ng limos at awa mula sa gobyerno. Hindi limos ang kailangan ng masa sa gobyerno, kundi isang gobyernong nagtitimon at nagsisiguro na may disente at tiyak na trabaho at kabuhayang nalilikha sa loob ng bansa. Kaya lang hindi ganito ang programa at direksyong tinatahak ng gobyernong Aquino.

Sa pagtatapos ng isang taon ni PNoy, kasabay ring natapos ang anumang ilusyon o pag-asa na si PNoy ay makakalikha ng positibong pagbabago sa kalagayan ng mamamayan. Sa pag-oorganisa at pagkilos pa rin ng manggagawa at mamamayan, gaano man ito kahirap o mapanganib, malilikha ang makabuluhang pagbabago•

Mga Sanggunian

Business World Online < www.bworldonline.com>
Bureau of Labor Employment Statistics (BLES) < www.bles.dole.gov.ph>
Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE) <www.courage-phil.org>
Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) <eiler.ph>
GMA News Online <www.gmanews.tv>
Ibon Foundation <www.ibon.org>
Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD) <www.ioshad.org>
Kilusang Mayo Uno (KMU) <kilusangmayouno.org>
Labor Force Survey <www.census.gov.ph>
Migrante International <migranteinternational.org>
Nonoy Librado Development Foundation (NLDF) <nldfi.org>
Pro-Legal Assistance Center (PLACE)
Workers Assistance Center (WAC) <www.wacphilippine.org>
Visayan Institute for Human Development Agency (VIHDA) <vihda.net>

Ang **Center for Trade Union and Human Rights** ay isang organisasyong nagtataguyod ng karapatan pantao at karapatang pangmanggagawa sa pamamagitan ng dokumentasyon, public information, mga kampanya, edukasyon, pagsasaliksik at pabibigay serbisyo. Matatagpuan ang aming opisina sa **702 Culmat Building 126 E. Rodriguez Ave. Quezon City.** Maaari rin kaming maabot sa pamamagitan ng pagtawag **(02)411.02.56**, text **0910.380.1897**, email **ctuhr.manila@gmail.com**. Para sa karagdagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa **ctuhr.org**